**May Lihim Ako**

A Lord's Flock General Assembly Topic

**Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder**

*May 30, 2020*

Takot, sindak at kawalan ng katiyakan ang nararamdaman ng mundo dahil sa pandemyang kumakalat ngayon. Sa gitna ng matinding pagsubok, madali tayong mawalan ng pag-asa ngunit ang kalakasang espirituwal natin ang nagiging matibay na sandata.

**1.Bakit madali tayong mawalan ng pag-asa?**

**1.1 Katawang Lupa** (2 Cor. 4:16)

- Ipinahayag ni San Pablo na araw-araw, minu-minuto tumatanda at nagbabago ang katawang-lupa at isip natin (2 Cor. 4:7). Unti-unting nasisira dahil sa mga kasalanan, pagsubok, at pasanin sa buhay.

**1.2 Marupok ang Tao** (Ro: 5:12)

- Dahil sa kasalanang orihinal, nakagagawa ang tao ng iba't ibang uri ng kasamaan at pananakit sa kapwa na nagdudulot ng kawalan ng pag-asa.

Salamat kay San Pablo dahil naibahagi niya sa atin ang kanyang mga lihim espirituwal na nagbibigay ng pag-asang bumangon sa gitna ng matinding pagsubok sa buhay.

**2. Mga Lihim Espirituwal ni San Pablo**

**Bagong Lakas sa araw-araw**

- "Kahit namamatay ang ating katawang lupa, "patuloy namang lumalakas ang aking espiritu" (2 Cor 4:16).
- "Lalong nahahayag ang Aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina" (2 Cor 12:9).
- Lalo tayong nagsisikap na magkaroon ng malalim na ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng pagdadasal, pagbabasa ng Bibliya, pagdalo sa mga misa, at pakikisama sa mga kapwa Kristiyano.

**Panandaliang kapighatian ay nagbubunga ng kaligayahang walang hanggan at walang katulad** (2 Cor. 4:17)

- Dahil sa hirap na naranasan ni San Pablo, napakadali sanang niyang panghinaan ng loob. Halos mawalan siya ng pag-asa ng nakaranas sila ng mga pagdurusa (2Cor. 1:8). Humarap siya sa napakabigat na pagsubok, pag-uusig at panganib (2 Cor. 11:23-29). Alam niyang panandalian lamang ang mga pagsubok na dinaranas niya dahil buhay na walang hanggan ang naghihintay sa kanya.

**3. Bagong Pananaw** (2 Cor. 4:18)

- Ipako ang paningin sa mga bagay na di nakikita sapagkat ang mga ito ay walang hanggan.
- Kaya hinihikayat tayo ni San Pablo na "magalak lagi sa Panginoon" (Filipos 4:4).
- Balewalain lang natin lahat ng pagkabalisa; magdasal nang may pasasalamat para ang kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa ating puso at pag-iisip ( Filipos 4:6-7).

Kung hirap na hirap na tayo dahil sa mga pagsubok, magtiis dahil hindi maihahambing sa ihahayag na kaluwalhatiang sasaatin (Ro 8:18).

**Pagninilay:** Anong pagsubok ang naranasan mo na muntik ka ng sumuko?

Walang pagsubok ang mawawalang saysay dahil ang lahat ng pangyayari ay kasama sa plano ng Maykapal.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Inedit ni:** Sis Vera
**Inaprobahan ni** : Sis Vera
**Inisponsoran ni:** **Sis Vera**